Ipapa-alam koba sa iyo ang pinaka-mamahal na salita para kay Allah? Katotohanan ang pinaka-mamahal na salita parakay Allah

Ayon kay Abe Zarr Al-Ghaffarie-malugod si Allah sa kanya-Buhat sa Sugo ni Allah-Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Ipapa-alam koba sa iyo ang pinaka-mamahal na salita para kay Allah? Katotohanan ang pinaka-mamahal na salita para kay Allah: (Subhanallahi Wa Bihamdihi);Napaka-Maluwalhati ni Allah at Ang lahat ng Papuri ay sa kanya.

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Pinapatunayan ng Hadith na ang Pag-pupuri (Pagtasbeeh) ay siyang pinakamamahal na salita para kay Allah-kamahal-mahalan siya at kapita-pitagan,Sapagkat ang kahulugan ng Pagpupuri (Pagtasbeeh) ay ang Pagtatang-gal sa kanya Napaka-maluwalhati Niya,sa bawat bagay na hindi nararapat sa kanya mula sa Paghahalimbawa at Paghahalintulad at Kakulangan at sa lahat ng pag-atyesta nito ng mga Atyesta mula sa mga Pangalan Niya.At ang sinabi ng tagapag-salita:(Na ang lahat ng Papuri ay sa kanya) Pag-aamin na ang Pagpupuri(Pagtasbeeh) na ito ay nararapat lamang sa Pagpuri sa kanya,Napaka-Maluwalhati Niya at sa Kanya ang Napaka-mabuting kalooban,At maaring ang kahulugan nito ay:Nagtatasbeeh ako sa kanya na may kasamang Pagpupuri ko sa kanya,dahil sa kapahintulutan Niya sa akin,Kaya`t ang (Subhanallahi wa Bihamdihi)-Napaka maluwalhati Niya,at ang lahat ng Papuri ay sa kanya,ay siyang pinaka-mamahal na salita para kay Allah,dahil nasasakop nito ang Pagdadakila,At ang Pagtatanggal(sa mga bagay na hindi karapat-dapat sa kanya),at ang Pagpupuri na may ibat-ibang uri ng kagandahan.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5402